Pagsasanay sa Filipino

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Pagtukoy sa Pang-abay na Panlunan (Mga Sagot)

Kakayahan: Natutukoy ang pang-abay na panlunan sa pangungusap

Salungguhitan ang pang-abay na panlunan sa pangungusap. Bilugan ang pandiwa na inilalarawan ng pang-abay na ito.

1. Lumangoy sila sa malaking lawa.
2. Dahan-dahan kaming tumawid sa lumang tulay.
3. Sa Malacañang tumitira ang pangulo ng Pilipinas.
4. Inilagay ko sa loob ng kabinet ang mga pagkaing de-lata.
5. Sumasayaw ng tinikling ang pangkat ni Mario sa entablado.
6. Binili ni Ate Rica ang blusang ito sa Divisoria.
7. Sa harap ng simbahan tayo magkita sa Linggo.
8. Natutulog ang aso sa ilalim ng kotseng nakaparada.
9. Isinampay sa bakuran ang mga damit na bagong laba.
10. Nasalubong ko sa labas ang magkakapatid.
11. Hintayin mo dito ang sundo mo mamayang hapon.
12. Sumisid sa dagat ang mga anak ng mangingisda.
13. Nagpapahinga sa beranda sina Lolo at Lola.
14. Si Patricia ay nagtatrabaho bilang nars sa isang pampublikong ospital.
15. Ang paninigarilyo ay mahigpit na ipinagbabawal sa loob ng klinika.

© 2013 Pia Noche